

# DOKUMENTO NG MGA KARAPATANG NAUUKOL SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN SA AUSTRALIA

Ang Dokumento ng mga Karapatang nauukol sa Pangangalagang Pangkalusugan sa Australia ay naglalarawan ng mga karapatan ng mga pasyente at ibang mga taong gumagamit ng sistemang pangkalusugan sa Australia. Ang mga karapatang ito ay mahalaga upang matiyak na, kahit saan at kahit kailan na may pangangalagang ibinibigay, ito ay may mataas na kalidad at ligtas.

Kinikilala ng Dokumento na ang mga taong tumatanggap ng pangangalaga at ang lahat ng mga taong nagbibigay ng pangangalaga ay may mahalagang bahaging ginagampanan sa pagtatamo ng mga karapatang nauukol sa pangangalagang pangkalusugan. Ang Dokumento ay nagpapahintulot sa mga pasyente, konsyumer, pamilya, tagapag-alaga at serbisyong nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan na magbahaginan ng pang-unawa sa mga karapatan ng mga taong tumatanggap ng pangangalagang pangkalusugan. Ito ay tumutulong sa lahat na sama-samang magtulungan upang matamo ang isang ligtas at may mataas na kalidad na sistemang pangkalusugan. Ang tunay na ugnayan sa pagitan ng mga pasyente, konsyumer at mga tagapagbigay-serbisyo ay mahalaga upang matamo ng bawat isa ang pinakamahusay na posibleng mga resulta.

## Mga Prinsipyong Gabay

Ang tatlong mga prinsipyong ito ay naglalarawan kung paano naangkop ang Dokumentong ito sa sistemang pangkalusugan sa Australia.

**1** Ang bawat isa ay may karapatang makakuha ng pangangalagang pangkalusugan at ang karapatang ito ay mahalaga upang maging makahulugan ang Dokumento.

**2** Ang Pamahalaang Australia ay may pangako para sa pandaigdigang mga kasunduan ukol sa mga karapatang pantao na kumikilala sa karapatan ng bawat isa na magkaroon ng posibleng pinakamataas na pamantayan ng kalusugang pangkatawan at pangkaisipan.

**3** Ang Australia ay isang lipunang binubuo ng mga taong may mga magkakaibang kultura at paraan ng pamumuhay, at kinikilala at iginagalang ng Dokumento ang mga pagkakaibang ito.



Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang webiste na:  
[www.safetyandquality.gov.au](http://www.safetyandquality.gov.au)

**AUSTRALIAN COMMISSION ON  
SAFETY AND QUALITY IN HEALTHCARE**

## Ano ang maaari kong asahan mula sa sistemang pangkalusugan ng Australia?

### ANG AKING MGA KARAPATAN

### ANO ANG KAHULUGAN NITO

#### **Karapatang makakuha**

Ako ay may karapatang makakuha ng pangangalagang pangkalusugan.

Maaari akong makakuha ng mga serbisyo na tutugon sa mga kailangan ko para sa pangangalagang pangkalusugan.

#### **Kaligtasan**

Ako ay may karapatang tumanggap ng ligtas at mataas na kalidad na pangangalaga.

Ako ay tumatanggap ng ligtas at mataas na kalidad na mga serbisyong pangkalusugan, na ibinibigay nang may propesyonal na pangangalaga, kasanayan at kahusayan.

#### **Paggalang**

Ako ay may karapatang tratuhin nang may paggalang, dignidad at konsiderasyon.

Ang pangangalagang ibinibigay ay nagpapakita ng paggalang sa akin at sa aking kultura, mga paniniwala, prinsipyo at personal na mga katangian.

#### **Komunikasyon**

Ako ay may karapatang mabigyan ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo, paggamot, mga opsyon at gastusin sa isang malinaw at bukas na paraan.

Ako ay tumatanggap ng bukas, napapanahon at naaangkop na komunikasyon tungkol sa aking pangangalagang pangkalusugan sa isang paraang maaari kong maintindihan.

#### **Pakikilahok**

Ako ay may karapatang makabilang sa mga desisyon at mga opsyon tungkol sa pangangalaga sa akin.

Ako ay maaaring sumali sa paggawa ng mga desisyon at mga opsyon tungkol sa pangangalaga sa akin at tungkol sa pagpapalano ng pangangalagang pangkalusugan.

#### **Pagiging pribado**

Ako ay may karapatan sa pagiging pribado at kompidensyal ng aking personal na impormasyon.

Napapanatili ang aking personal na pagiging pribado at nabibigyan ng katiyakan ang tamang paghawak sa aking personal na impormasyong pangkalusugan at iba.

#### **Puna**

Ako ay may karapatang magbigay ng puna tungkol sa pangangalaga sa akin at matugunan ang aking mga alalahanin.

Makakapagbigay ako ng puna o reklamo tungkol sa pangangalaga sa akin at maasikaso nang mahusay at maagap ang aking mga alalahanin.